Ang nilalaman ng kit

Kahon ng Pagpapadala

Lalagyan ng Koleksyon

Sampol na Kard ng Etiketa

Tubo at Probe

Bracket

Boteng Pang-preserba

Bisitahin ang Cologuard.com/result para gumawa ng account. Doon, makakahanap ka ng impormasyon tungkol sa test na natanggap mo at maa-access ang iyong resulta kapag makukuha ito. Ipinapadala ng laboratoryo ang mga resulta sa tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan na nagreseta ng iyong test sa loob nang 8 hanggang 10 araw matapos matanggap ang iyong sampol.

Nilalayong Paggamit at mga Indikasyon para sa Paggamit

Ang Cologuard® at Cologuard Plus™ na test ay mga kwalitatibong in vitro na diagnostic test na inilaan para sa pagtuklas ng mga pananda sa DNA kaugnay ng colorectal neoplasia at para sa presensya ng occult hemoglobin sa dumi ng tao. Ang Cologuard® at Cologuard Plus™ na test ay isinasagawa sa mga sampol na nakolekta gamit ang buong kit para sa koleksyon ng dumi na ibinibigay ng Exact Sciences. Maaaring ipahiwatig ng positibong resulta ang presensya ng colorectal cancer (CRC) o advanced precancerous lesions (APL) at kailangang sundan ng colonoscopy. Ang Cologuard at Cologuard Plus na test ay upang suriin ang mga nasa hustong gulang na 45 o mas matanda pa na nasa karaniwang panganib para sa CRC. Ang mga Cologuard at Cologuard Plus na test ay hindi isang pampalit sa diagnostic colonoscopy o surveillance colonoscopy sa mga indibiwal na nasa mataas na panganib.

Ang Cologuard at Cologuard Plus na test ay isinasagawa sa Exact Sciences Laboratories, Madison, WI.

Mga Kontraindikasyon

Ang Cologuard at Cologuard Plus na test ay hindi inilaan para gamitin sa mga smusunod na pasyente.

- Personal na kasaysayan ng CRC o APLs.
- Positibong resulta mula sa isa pang paraan ng pagsusuri ng CRC sa loob nang nakaraang 6 na buwan, o:
  - 12 buwan para sa fecal occult blood test (FOBT) o fecal immunochemical test (FIT)
  - 36 na buwan para sa FIT-DNA na test
- Kasaysayan ng CRC sa pamilya, na binibigyang kahulugan bilang pagkakaroon ng kamag-anak sa unang antas (magulang, kapatid, o anak) na may diagnosis ng CRC sa anumang edad.
- Personal na kasaysayan ng alinman sa mga sumusunod na kondisyong may mataas na panganib para sa CRC:
  - Diagnosis ng Sakit na Namamagang Bituka [Inflammatory Bowel Disease] (Chronic Ulcerative Colitis, Crohn's Disease).
  - Diagnosis na nauugnay sa pamilya (namamana) na pinagsama-samang sintomas ng kanser o iba pang pinagsama-samang sintomas ng polyposis, kabilang ang ngunit hindi limitado sa: Familial adenomatous polyposis (FAP o Gardner's), Hereditary non-polyposis colorectal cancer syndrome (HNPCC o Lynch), Peutz-Jeghers, MYH-Associated Polyposis (MAP), Turcot's (o Crail's), Cowden's, Juvenile Polyposis, Cronkhite-Canada, Neurofibromatosis, o Serrated Polyposis.

Mga Babala at Pag-iingat

- Ang mga pasyente ay hindi dapat magbigay ng sampol kung nakakaranas sila ng pagtatae o kung mayroong dugo sa kanilang ihi o dumi (hal., mula sa pagdurugo ng almoranas, pagdurugo ng mga hiwa o sugat sa kanilang mga kamay, pagdurugo ng puwit, o regla). Kailangang talakayin ang hindi inaasahang pagdurugo sa inyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.
- Sumangguni sa mga pambansang alituntunin para sa mga inirerekomendang edad para sa pagsusuri sa colorectal kanser. Ang desisyong suriin ang mga taong lampas sa edad na 75 ay kailangang gawin sa batayang indibidwal nang may pagkonsulta sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan. Ang mga resulta ng Cologuard at Cologuard Plus na test ay kailangang bigyang-kahulugan nang may pag-iingat sa mga mas matatandang pasyente dahil tumataas ang antas ng mga resulta na false positive habang tumatanda.
- Ang Cologuard at Cologuard Plus na test ay maaaring magbigay ng mga resultang false negative at false positive. Nangyayari ang isang false positive na resulta kapag nagbibigay ang Cologuard at Cologuard Plus na test ng positibong resulta, kahit pa walang nakitang CRC o APL sa colonoscopy. Nangyayari ang isang false negative na resulta kapag ang Cologuard at Cologuard Plus na test ay walang nadetektang APL o CRC kahit na matukoy ng colonoscopy ang alinman sa mga natuklasang ito.

Nagpakita ng tesing para sa Cologuard Plus:

- Sa bawat 100 pasyenteng nagpositibo sa testing, humigit-kumulang 3 pasyente ang magkakaroon ng CRC, 34 na pasyente ang magkakaroon ng APL, 33 ang magkakaroon ng hindi advanced na adenoma, at sa 30 ay walang matutuklasang neoplastic.
- Sa bawat 10,000 pasyenteng negatibo ang resulta ng testing, humigit-kumulang 2 ang mabibigyan ng maling kasiguruhan na wala silang CRC. Sa bawat 100 pasyenteng negatibo ang resulta ng testing, humigit-kumulang 7 pasyente ang mabibigyan ng maling kasiguruhan na wala silang APL.

- Ang isang negatibong resulta ng Cologuard o Cologuard Plus na test ay hindi naggagarantiya ng kawalan ng CRC o APL. Ang mga pasyenteng may negatibong resulta ng Cologuard o Cologuard Plus na test ay kailangang magpatuloy sa pakikilahok sa mga programa ng pagsusuri para sa colorectal kanser, sa mga naaangkop na inirerekomendang pagitan ng patnubay.
- Ang paunang pagganap ng Cologuard na test ay naitatag sa cross-sectional na pag-aaral (ibig sabihin, isang tiyak na oras). Ang programmatic na pagganap ng Cologuard na test (ibig sabihin, mga benepisyo at panganib na may paulit-ulit na pagsusuri sa loob nang itinakdang panahon) ay tinasa sa mahabang pag-aaral sa loob nang tatlong taon. Ang non-inferiority o superiority ng programmatic na pagkasensitibo ng Cologuard na test kumpara sa iba pang inirerekomendang paraan ng pagsusuri para sa CRC at APL ay hindi pa naiitatag.
- Naitatag ang pagganap ng Cologuard Plus na test sa cross-sectional na pag-aaral (ibig sabihin, isang tiyak na oras). Hindi napag-aralan ang programmatic na pagganap ng Cologuard Plus na test (ibig sabihin, mga benepisyo at panganib sa paulit-ulit na testing sa loob ng itinakdang panahon). Hindi naitatatag ang non-inferiority o superiority sa programmatic na pagkasensitibo ng Cologuard Plus na test kumpara sa iba pang inirerekomendang paraan ng pagsusuri para sa CRC at APL.
- **Inirerekomendang simulan ng mga pasyente ang proseso ng pagbabalik kapag pwede nilang maibalik ang kit ng koleksyon sa UPS sa parehong araw ng kanilang pagkolekta o sa susunod na araw.**
- Huwag inumin ang bote ng likidong pang-preserba.
- Huwag hayaang madikit ang likido sa iyong balat o mga mata.
- Kung dumikit ang likido sa iyong balat o mata, hugasan ang bahagi gamit ang tubig.
- Mababa ang mga panganib na nauugnay sa paggamit ng kit ng koleksyon, nang walang malubhang masamang kaganapang naiulat sa mga tao sa isang klinikal na pagsubok. Kailangang mag-ingat ang mga paseyente kapag binubuksan at isinasara ang mga takip upang maiwasan ang panganib na ma-strain ang kamay.

Dapat Tandaan: Hindi kinakailangang baguhin ng mga pasyente ang kanilang diyeta o mga gamot upang magamit ang test sa pagsusuring ito.

Pagtatago ng iyong kit ng koleksyon

Panatilihing patayo ang kahon, na nasa normal na temperatura, malayo sa direktang sikat ng araw, at hindi maaabot ng mga bata.

May mga tanong tungkol sa iyong test?

Para sa karagdagang kaalaman tungkol sa iyong test, mag-log in sa iyong Exact Sciences account sa patient.exactsciences.com, o makipag-ugnayan sa amin sa 1-844-870-8870. Kung wala kang account, pwede kang gumawa nito sa pamamagitan ng apat na simpleng hakbang.

Rx only.

cologuard® by EXACT SCIENCES cologuard plus™ BY EXACT SCIENCES

Ang Cologuard, Cologuard Plus, at Exact Sciences ay mga tatak-pangkalakal ng Exact Sciences Corporation. Ang lahat ng iba pang tatak-pangkalakal ay mga pag-aari ng kani-kanilang mga may-ari.

© 2023-2025 Exact Sciences Corporation. Lahat ng karapatan ay nakalaan.

EXACT SCIENCES CORPORATION
5505 Endeavor Lane, Madison, WI 53719
www.ExactSciences.com | www.Cologuard.com
1-844-870-8870

IVD Rx ONLY

LBL-11558_QSG_TL Rev. 5
09/2025

Magsimula na tayo!

Gawing prayoridad ang iyong sarili. Kolektahin ang iyong sampol ngayon.

I-scan
Maaari mo ring i-scan ang QR code para makapagsimula

Tumawag sa
1-844-870-8870
Iba pang mga wikang magagamit

Mag-chat
sa Cologuard.com

I-set up ang iyong kit ng koleksyon







1

- Alisin sa pakete ang lahat ng bagay na ipinapakita sa itaas. Huwag hilahin ang plastik na supot o puting tray palabas ng iyong kit.

Kung nakakaranas ka ng madalas na pagdumi, regla, o pagdurugo mula sa almoranas, huwag kumuha ng sampol. Kung may napansin kang hindi inaasahang dugo, makipag-ugnayan sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

2

- Umihi bago i-set up ang Bracket.
- Ilagay ang Bracket sa ilalim ng upuan sa inidoro.
- Ibaba ang upuan ng inidoro.

3

- Tanggalin ang takip ng Lalagyan ng Koleksyon sa pamamagitan ng pag-ikot dito.
- Kapag nabuksan, ilagay ang Lalagyan sa Bracket.

Kolektahin ang sampol ng iyong dumi



4

- Umupo sa inidoro. Dumumi sa Lalagyan.
- Hindi kailangang perpekto ang sampol ng iyong dumi. Tingnan ang bote ng Pang-preserba na nasa iyong kit. Kailangang mas malaki ang sampol ng iyong dumi kaysa sa takip ng bote ngunit hindi dapat mas malaki kaysa sa mismong bote.

Sikaping huwag magkaroon ng ihi sa Lalagyan. Ayos lang kung kaunti lang ang nakapasok. Siguraduhing hindi makakapasok ang mga bagay tulad ng toilet paper sa Lalagyan.

5

- Iikot ang Probe mula sa Tubo. Gamitin ang Probe upang simutin ang ibabaw ng sampol ng iyong dumi.



- Takpan nang lubusan ang dulo ng Probe bago ito ibalik sa Tubo.
- Ilagay ang Probe sa Tubo at isara ang takip.

Huwag punuin ang Tubo ng dumi. Huwag ilagay ang Tubo sa Lalagyan ng Koleksyon.

6

- Ibuhos ang laman ng buong boteng Pang-preserba sa Lalagyan. Ayos lang kung hindi lubusang natatakpan ang sampol ng dumi.
- Tanggalin ang Lalagyan mula sa Bracket. Ibalik ang takip sa Lalagyan hanggang sa ito ay tuluyang nakasara.



Ipadala ang iyong kit ng koleksyon



7

- Punan ang parehong label na kasama sa Sampol na Label Card. Ilagay ang isa sa takip ng Lalagyan at isa sa paligid ng Tubo.



- Ibalik ang Lalagyan at Tubo sa puting bandehadong nasa orihinal na Kahon ng Pagpapadala.

Itapon ang lahat ng iba pang aytem.

8

- Isara ang zipper sa ibabaw ng bag upang ganap na maselyuhan ang bag.
- Selyuhan ang kahon gamit ang nakakabit na adhesive strip sa flap ng kahon.
- Tanggalin ang itaas na label sa pagpapadala upang lumitaw ang prepaid na label para sa pagbabalik ng pagpapadala.

9

- Ibalik ang iyong kit sa parehong araw o sa susunod na araw pagkatapos ng koleksyon sa isa sa dalawang paraan.

Mga opsyon para sa prepaid na pagbabalik:

1. Dalhin ito sa UPS.
2. Mag-iskedyul ng pickup ng UPS:
   - Iskedyul online sa **Cologuard.com/UPS**

     o
   - Tumawag sa **1-844-870-8870** para sa tulong.

Tingnan ang iyong mga resulta sa: **Cologuard.com/results**